# Inutusan ako na magpatirapa [habang nagdidiit] sa [lapag ng] pitong buto

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Inutusan ako na magpatirapa [habang nagdidiit] sa [lapag ng] pitong buto: sa noo, at tumuro siya ng kamay niya sa ilong niya, dalawang kamay, dalawang tuhod, at mga dulo ng dalawang paa; at hindi tayo magtungkos ng mga kasuutan at buhok."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh ay nag-utos sa kanya sa sandali ng pagsasagawa ng ṣalāh na magpatirapa siya sa pito sa mga bahagi ng katawan. Ang mga ito ay: Ang Unang Bahagi: Ang Noo. Ito ay ang pang-itaas ng mukha sa ibabaw ng ilong at mga mata. Tumuro ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kamay niya sa ilong niya habang naglilinaw na ang noo at ang ilong ay iisang bahagi mula sa pitong bahagi at bilang pagbibigay-diin na ang nagpapatirapa ay magdidiit ng ilong niya sa lapag. Ang Ikalawa at ang Ikatlong Bahagi: Ang dalawang Kamay. Ang Ikaapat at ang Ikalimang Bahagi: Ang Dalawang Tuhod. Ang Ikaanim at ang Ikapitong Bahagi: Ang mga daliri ng dalawang Paa. Nag-utos siya sa atin na hindi tayo magtali ng mga buhok natin o magbungkos ng mga kasuutan natin sa isang bahagi nito sa iba pang bahagi sa sandali ng pagpapatirapa sa lapag bilang pangangalaga sa mga ito; bagkus maglulugay tayo ng mga ito hanggang sa sumayad sa lapag para magpatirapa kasama ng mga bahaging ipinampapatirapa.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee